

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIRAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN
NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-18 NG ABRIL, 9:00
NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Present:

Kgg. Jesus M. Dimapilis	- Pang. Punong Bayan Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Bernabe S. Mortel	
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Pangulo, ABC
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- Pangulo, SK

Absent:

Kagawad Ramulfo C. Bernal

KAPASYAHAN BLG. 43
Taong 1994

KAPASYAHAN MAPITAGANG HUMUHILING SA GENERAL MANAGER,
BENJAMIN ENCARNACION NG ORIENTAL MINDORO ELECTRIC
COOPERATIVE (ORMECO) NA BIGYANG-SIPI ANG TANGGAPAN NG
SANGGUNIANG BAYANG ITO NG DIREKTIBA O PAMAMALAKAD
TUNGKOL SA PAMUTOL NG MGA KAHoy PARA SA OPERASYONG
MULING PAGPAPAILAW SA MGA PAMAYANAN NG ROXAS, SILA-
NGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang pamanuan ng ORMECO na nakatalaga dito sa bayan ng
Roxas ay nag-utos na putulin ang mga punongkahoy na naka-
kasagabal sa linya ng koryente na walang anumang pakiki-
pag-ugnayang ginawa sa mga kinaukulan;

SAPAGKA'T, marami sa may-ari ng mga punongkahoy at ibang halaman
ang nagreklamo ukol sa hindi makatwirang pamamaraan ng
pagputol ng mga kawani ng ORMECO sa kanilang mga kapaki-
pakinabang na mga punong kahoy;

SAPAGKA'T, karamihan sa mga punongkahoy na pinutol ay sinagad sa
puno at wala man lamang itinira kahit kakaunting sanga,
upang sa pagdating ng panahon ito ay muling mag-usbong at
mapakinabangan ng mga susunod pang henerasyon;

SAPAGKA'T, ito ay taliwas sa programa ng pamahalaan na nag-aatas sa
pagtatanim ng mga punongkahoy at mga halaman upang maiwa-
san ang pagbaha, mapaganda ang kapaligiran at mabalanse
ang ekolohiyang pangkalikasan;

SAPAGKA'T, ang mga mamamayang naapektuhan ay naghahangad diⁿ ng
anumang makabubuti sa nakararami magkaroon lamang ng mga

yfrs

[Signature]

kaliwanagan at pagpapaunawa sa kung ano ang nararapat ayon sa batas.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Cosme T. Mores, Jr. na sinangayunan ng lahat -

IPINASYA, gaya ng pagpapasyang ito na hilingin sa General Manager ng Oriental Mindoro Electric Cooperative (ORMECO) na pedalhan ng sipi ng direktiba o petakaran ukol sa pagpu-putol ng mga kahoy sa linya ng kuryente ang Sangguniang Bayang ito para sa kaalaman at pagpapatid sa mga mamamayan.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Engr. Benjamin Encarnacion, General Manager ng ORMECO, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang kabatiran at kinakailangang aksyon.

IPINASYA PA RIN na pedalhan ng sipi si G. Nolasco Q. Paz, Area Manager, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.


Pinagtibay ng lahat.

Abril 18, 1994

Pinatutunayan ko ang katotohanan ng kapasyahang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

*Received. Nftabi
04/22/94*

merz/
04.1994